PAHAYAG PARA SA PRESS

Abril 9, 2020
Kontakin ang Lungsod ng Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pag-release

Bumubuo ang Lungsod ng Long Beach ng Sistema na Mag-uugnay sa mga Tagapagkaloob (Providers) ng Kagamitan para sa Personal na Proteksyon at an Online Exchange na Plataporma para sa Mga Pantakip na Mukha

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay bumuo ng isang sistema upang i-ugnay ang mga tagapagkaloob (providers) sa personal protective equipment /personal na kagamitan sa proteksiyon (PPE), pati na rin ang paraan paano makapagbigay ang mga tao ng donasyon na mga kalakal at serbisyo at pag-access sa mga pantakip ng mukha sa pamamagitan ng isang platform ng online na bilihan.

"Maraming mga tao sa Long Beach ang nag-abot at handang tumulong," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ang aming bagong sistema ay maaaring mag-ugnay sa mga nangangailangan ng PPE doon sa mga maaaring makapagbigay o gumawa ng mga kritikal na suplay."

Hiling para sa Medikal na PPE:

Ang maraming iba't ibang mga karapat-dapat na organisasyon na nangangailangan ng PPE, kabilang ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, mga medikal na at pasilidad na pangmatagalang pangangalaga, ay maaaring humiling ng mga gamit sa pamamagitan ng website ng Lungsod sa longbeach.gov/COVID19, sa ilalim ng "Resources for Healthcare Providers (Mga Mapagkukunan para sa mga Tagapag-bigay ng Pangangalagang Kalusugan."

Mga Donasyong Kagamitan sa Lungsod:

To pabilisin and manage the donations and offers of assistance to the City of Long Beach, the City also has developed an online form that can be completed by local businesses and community volunteers who are interested in providing assistance.

Upang pabilisin at pangasiwaan ang mga donasyon at alok na tulong sa Lungsod ng Long Beach, ang Lungsod ay bumuo din ng isang online na form na maaaring

makumpleto ng mga lokal na negosyo at mga boluntaryo ng komunidad na interesadong magbigay ng tulong.

Ang bagong form ay makakatulong sa Lungsod na ayusin ang mga alok na donasyon tulad ng paggamit ng pasilidad sa negosyo, serbisyo sa transportasyon at paghahatid na serbisyo at personal na kagamitan sa proteksyon. Bilang karagdagan, nakasaad din sa form ang mga pagkaing donasyon at mga kit para sa kalinisan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan at nag-aalok ng mga boluntaryong serbisyo sa iba't ibang mga lugar ng kasanayan. Lahat ng impormasyong ibinigay ay elektronikong protektado para sa pribasiya at nirepaso upang matukoy ang pinakamahusay na tugma sa mga pangangailangan sa pagpapatakbo ng Lungsod.

Paglikha ng isang Online na Bilihan (Online Exchange) para sa Mga Pantakip ng Mukha:

Ang mga maskara sa mukha at pantakip para sa personal na paggamit ng isang indibidwal ay maaaring mabili sa pamamagitan ng isang pamilihan na nilikha ng *Long Beach Post* sa pakikipagtulungan sa Lungsod ng Long Beach. Maaaring magparehistro ang mga gumagawa ng maskara at negosyo sa pamamagitan ng Vendor Registration form (form ng Rehistro ng Nagbebenta). Ang *Long Beach Post* at Lungsod ay hindi tumatanggap ng mga komisyon mula sa pagbebenta ng mga produkto sa pamamagitan ng pamilihan. Ang N95 o surgical na uri ng maskara ay hindi dapat gamitin ng mga kalahok na tindero, dahil nakalaan ang mga ito para sa mga manggagawang medikal.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye tungkol sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang www.longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###